# Panindigan ang Tama

Ni Aysia Tan, Utah, USA

## HI, AKO SI EVAN!

Nakatira ako sa Ireland, at mahilig akong maglaro ng hurling. Isport ito sa Ireland na kapareho ng field hockey. Ang paborito kong subject ay math. Ang pagiging miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay isang biyaya sa akin.





### MATATAG NA NANININDIGAN SA ESKWELAHAN

***May bago akong kaeskwela na inaaway ang mga kapatid kong babae. Pinigilan ko siya at ipinagtanggol ang mga kapatid ko. Sumusunod din ako sa Word of Wisdom. Maraming estudyante sa paaralan ang umiinom ng tsaa at kape. Kapag may nag-aalok sa akin ng tsaa, sinasabi kong, "Ayoko, salamat na lang."***



### NAGDARASAL KASAMA ANG MGA KAIBIGAN

***Nag-aaral ako sa eskwelahan ng Katoliko. Kaming magkakapatid lang ang mga miyembro doon ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Noong nagkasakit ang lola ko, tinanong ko ang titser ko kung puwede ko siyang ipagdasal. Humalukipkip at yumuko ang buong klase. Nagdasal ako nang malakas sa harap ng klase.***

### MAGING HALIMBAWA

***Nakikita ng mga kaibigan ko sa eskwelahan na masaya ako. Hindi ako nagmumura o bumabanggit ng pangalan ng Panginoon nang walang kabuluhan para maipakita ko ang mabuting halimbawa. Maaari din akong maging halimbawa sa aking pamilya.***

## MGA TIP NI EVAN PARA MATATAG NA MANINDIGAN

Kailangan ng tapang para maipamuhay ang ebanghelyo.

- Huwag sumuko.
- Makinig sa Espiritu Santo. Gagabayan ka Niya.
- Alalahanin na mas mapapasaya natin ang ibang tao kapag tumulong tayo na mapasakanila ang ebanghelyo.

### ANG PINAKAMABAIT NA KUYA

***Gumawa ako ng mga mithiin para patuloy kong magawa ang tama. Tinutulungan ko ang mga magulang ko sa pag-aalaga sa mga kapatid ko. Kapag natatakot ang mga kapatid ko, nakikipaglaro ako sa kanila hanggang sa malimutan nila ang takot. Minsan noong umalis ang mga magulang ko, kinuwentuhan ko ang kapatid ko hanggang sa makatulog siya.***

## IPADALA MO SA AMIN ANG BAKAS NG PAA MO!

Paano ka naninindigang sumunod kay Jesus? Bakatin ang paa mo at ipadala sa amin ang iyong kuwento at retrato, kasama ang pahintulot ng iyong magulang. Ipadala ito sa liahona.lds.org (i-klik ang "Submit an Article") o ipadala sa email sa liahona@ldschurch.org.

